



Coronavirus (COVID-19) na impormasyon at mga paaralan – impormasyon para sa mga magulang at estudyante

Kinikilala ng lahat ng mga pamahalaang Australya – pederal, estado at teritoryo – ang kahalagahan ng edukasyon at nakatuon sila sa pagsuporta sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa buong panahon ng pandemiyang COVID-19.

Ang mga pamahalaang estado at teritoryo at mga awtoridad ng di-pamahalaang sektor ay responsable sa pangangasiwa at paggawa ng mga desisyon sa pagpapatakbo ng kanilang mga paaralan. Para sa impormasyon kung paano tumutugon sa COVID-19 ang mga paaralan sa inyong lugar, mangyaring kontakin ang inyong paaralan sa unang pagkakataon, at sundin ang payo ng pamahalaan ng inyong estado o teritoryo. Ang mga link sa mga website ng edukasyon ng pamahalaang estado at teritoryo ay nasa ibaba:

[Australian Capital Territory](#)
[New South Wales](#)
[Northern Territory](#)
[Queensland](#)
[South Australia](#)
[Tasmania](#)
[Victoria](#)
[Western Australia](#)

Ang mga pamahalaang estado at teritoryo ay nagkasundo na ang mga desisyon kung paano tutugon sa COVID-19 sa mga paaralan ay dapat patuloy na ibabatay sa payo ng dalubhasa, opisyal, pambansa at nakabase sa estadong pampublikong kalusugan at edukasyon.

Pagbabawas ng posibleng panganib ng pagkalat ng COVID-19 sa mga paaralan

Noong 24 Abril 2020, ang Australian Health Protection Principal Committee (AHPPC) ay naglabas ng [health advice](#) (pangkalusugang payo) kaugnay sa pagbabawas ng posibleng panganib ng pagkalat ng COVID-19 sa mga paaralan. Ang praktikal na gabay at payo na ito ay inihanda para sa mga pinuno ng paaralan na nakikipag-ugnay sa mga bata, mga magulang, mga guro at mga kawaning tagasuporta upang higit pang mabawasan ang mababang panganib ng pagkalat ng Coronavirus (COVID-19) sa mga paaralan sa panahon ng pandemiyang COVID-19.

Ang buod ng mga bagay na dapat isaalang-alang ay kinabibilangan ng:

- **Para sa mga magulang:** kung ang inyong anak ay may sakit, hindi sila dapat pumasok sa paaralan. Siya ay dapat ninyong panatilihin sa bahay at nakahiwalay sa iba. Tandaang magpanatili ng pisikal na pagdistansya mula sa ibang mga magulang at mga guro kapag pumapasok sa paaralan, kabilang ang kapag naghahatid at sumusundo sa inyong mga anak.
- **Para sa mga bata:** sabihin sa iyong magulang, tagapag-alaga o guro kung ikaw ay may sakit.
- **Para sa mga guro:** huwag pumasok sa trabaho kung ikaw ay may sakit o nasa kategorya ng nasa panganib na tao.

- **Para sa aslahat ng mga adulto:** ang pinakamalaking panganib ng pagkalat sa kapaligiran ng paaralan ay sa pagitan ng mga adulto. Napakahalaga na ang mga guro at mga magulang pareho ay magpanatili ng pisikal na pagdistansya mula sa kanila at sa isa't isa sa paaralan.

Kalinisan

Ang mga estudyante ay pinaaalalahanan na:

- Maghugas nang madalas ng iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig kabilang ang bago kumain at matapos kumain, at matapos gumamit ng toilet.
- Gumamit ng hand sanitiser (panlinis ng kamay).
- Takpan ang iyong pag-ubo at pagbahin gamit ang iyong braso o tisyu (hindi sa iyong mga kamay).
- Itapon kaagad ang ginamit na tisyu sa basurahan at pagkatapos ay maghugas ng iyong mga kamay.
- Sikaping huwag hipuin/hawakan ang iyong mukha.
- Huwag maghawakan ng mga kamay, o makipagkamay sa iba.
- Sikaping magpanatili ng mas malaking espasyo kaysa dati sa pagitan mo at ng iba.
- Iwasan ang pagpila.
- Makipag-usap sa iba kung ikaw ay nababalisa.

Mga kaayusan sa senior secondary at mga pagkatanggap sa pamantasan

Noong 7 Abril 2020, nagkasundo ang mga Ministro ng Edukasyon ng estado at teritoryo na ang mga estudyante sa senior secondary (mga estudyante sa Year 12) ay magkakaroon ng Senior Secondary Certificate of Education sa taong ito, at ang sertipiko ay magbibigay-daan upang makapasok sa pamantasan, karagdagang edukasyon at pagtatrabaho.

NAPLAN

Noong 20 Marso 2020, nagpasya ang mga Ministro ng Edukasyon na ang NAPLAN ay hindi magpapatuloy sa 2020. Ang NAPLAN ay naka-iskedyul na gaganapin mula sa 12 hanggang 22 Mayo 2020.

Ang desisyon na hindi magpatuloy sa NAPLAN sa 2020 ay ginawa upang matulungan ang mga lider ng paaralan, guro at suportang kawani na tumutok sa ikabubuti ng mga mag-aaral at pagpapatuloy ng edukasyon.

Ang NAPLAN ay isang pambansang pagtatasa na sumusubok sa kakayahan ng mga estudyante sa tatlong aspeto ng literasiya — pagbabasa, pagsusulat at mga kombensyon ng wika (pagbabaybay, gramatika at pagbabantas) — at sa pagbilang. Ang mga paaralan sa lahat ng estado at teritoryo ay nagbibigay ng NAPLAN kada Mayo ng bawat taon mula noong 2008.